

Paano Bumoto sa Pangunahing Halalan ng California sa Marso 2024

Maging Handa

Kung kayo ay nakarehistro na upang bumoto, magsadya sa voterstatus.sos.ca.gov upang makasiguro na tama ang lahat ng impormasyon sa inyo, Kung kayo ay hindi pa nakarehistro, maaring magparehistro online sa registertovote.ca.gov o humingi ng papel na form sa DMV, tanggapan ng koreo, silid-aklatan, o sa opisina ng halalan ng inyong county. Maari din kayong magparehistro hanggang sa mismo Araw ng Halalan (Tuesday, March 5). **Kung kayo ay nakarehistro na sa Pebrero 20, matatanggap ninyo ang inyong balota sa koreo.**

Kung kayo ay hindi pa nakarehistro sa isang partido politikal, ang inyong balota ay walang nakalagay na kandidato para presidente. Maari ninyong makita ang estado ng inyong pagkakarehistro sa voterstatus.sos.gov. Kung nakalagay sa estado ng inyong pagkakarehistro na “No Party Preference” o “Walang Partidong Pinili”, maaring alin man sa:

- Humingi kayo ng “cross-over” na balota o magparehistro ulit sa partido politikal (upang makaboto sa pangunahing halalan ng mga partido Democratic, Libertarian, o American Independent)
- Magparehistro kayo ulit sa partido politikal (upang makaboto sa pangunahing halalan ng mga partido Republican, Green, o Peace and Freedom)

Pagpipilian 1 – Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Maaring ipadala ang balota **sa koreo**. Hindi ito nangangailangan ng selyo. Isulat ang boto ang inyong balota, ilagay sa kalakip na sobre, pirmahan, lagyan ng petsa, at isara ang sobre. Siguraduhin na matatatakan ito ng koreo bago matapos ang araw ng ikalima ng Marso.

Pagpipilian 2 – Ihulog sa nakatakdang lagayan

Maaring **ihulog ang inyong balota** sa opisina ng halalan ng inyong county o sa anumang lugar ng botohan. Karamihan sa mga county ay may mga ligtas na hulugang kahon na maaring magamit mula sa mga unang araw ng Pebrero. Maaring makita kung nasaan ang mga hulugang kahon na ito sa caearlyvoting.sos.ca.gov.

Pagpipilian 3 – Bumoto ng Personal

Ang araw ng Halalan ay **Martes, Marso 5**. Ang mga lugar ng botohan ay magbubukas simula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Makikita kung saan ang lugar ng inyong botohan sa sos.ca.gov/elections/polling-place.

Marami sa mga county ay nag-aalok ng personal na pagboto mula Martes, Pebrero 27 hanggang Martes, Marso 5. Makipag-alam sa opisina ng halalan sa inyong lugar o hanapin ang mga lugar ng botohan sa caearlyvoting.sos.ca.gov. Para maging madali ang pagboto ng personal, dalhin ang balotang natanggap sa koreo sa lugar kung saan kayo boboto.